# *JOANNA MARIE L. MARTIREZ*

Si Joanna Marie L. Martirez ay nagtapos ng Batsilyer ng Artes sa Filipinolohiya sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas. Kasalukuyan siyang nagtuturo sa Junior High School sa Pasig City Science High School at tagapagsanay sa pagsulat ng haiku at dagli. Kumukuha siya ng Master of Arts in Filipinolohiya, na may Complete Academic Requirements, sa Pamantasan ng Lungsod ng Marikina. Hilig niya ang pagsusulat ng panitikan, tulad ng maikling kuwento, tula, dagli, at iba pa.

# SA WAKAS

Sa wakas, paglaya. Nagkaroon na nang kaluwagan sa paglabas ang mga tao dahil unti-unti nang bumaba ang kaso ng COVID-19 sa bansa. Ito na ang pagkakataon para tuparin ang mga naudlot na pangako—ang pag-uwi ko kina Inay at Itay, na tatlong buwan ang lumipas bago ko maisakatuparan. Lingguhan sana ang uwi ko sa Teresa mula sa trabaho sa Maynila kung hindi lamang nagka-lockdown noong Marso. Dahil lockdown, hindi maaaring bumiyahe sa ibang lungsod o probinsya. Ipinatutupad ito upang makontrol ang pagkalat ng virus. Buti na lang at may cellphone kaya nakakausap ko sila paminsan-minsan.

Ngayon, malaya na akong nakabiyahe pauwi sa amin. Hindi ko mawari ang aking nararamdaman—mas akma ang pangungulila. Kasabay ng pagbaba ko sa tricycle ang pagsikat ng araw na nagpapaalala ng panibagong pag-asa, pagsisimula, at pagbabago.

Hindi nagbago ang lugar pero nakakapanibago. Wala ang mga batang naghahabulan sa mga eskinita at maging ang mga tsismosa. Hindi ko alam kung kakilala, dayo o mamamatay-tao ang aking nakasalubong. Naaliw akong masyado sa pagkukumpara ng mga kilay at mata, na tanging

nakikita ko dahil sa face mask. Hindi ko namalayan na nasa tapat na pala ako ng bahay namin.

"Inay, nandito na po ako," pahayag ko pagpasok ko sa aming bakuran.

Lumabas si Inay kasama si Itay. Inilapag ko ang aking mga gamit sa sementadong hagdan  na kinatatayuan ni Inay.

"Pasuyo na lamang po ng mga gamit ko, Inay. Kami na lang ang pupunta ni Itay sa simbahan. Tutal, iyon din naman ang pangako ko sa kanya, hindi ba, Itay?"

Tumango si Inay matapos ibigay sa akin ang garapon ng abo ni Itay.